# Gusaling paaralan sa Silang tatapusin ni Mayor Anarna



IPINANGAKO ni Silang Mayor Kevin Anarna na tatapusin niya ang nakatiwangwang at nabandonang gusaling paaralan sa Barangay Lucsuhin na iniwan ng kontraktor nito.

Sa kanyang FB page, pinuri ni Anarna si Konsehal Manny Batatan na hindi nagsawa sa pakikikipag-usap sa kanya at mga opisyal ng munisipyo at iba pang indibidwal para maituloy ang konstruksiyon ng paaralan.

Pati sa Commission on Audit ay kinulit ni Batatan para mailabas ang report sa di-tinapos na konstruksiyon ng paaralan na binayaran na ng nakaraang administrasyon sa kontraktor.

Kailangan ang report ng COA bago muling mapondohan at maumpisahan ang pagtatapos ng gusali, sabi ni Mayor Anarna.

Sa masigasig na trabaho para matapos ang gusali, pinasalamatan ni Mayor Anarna si Konsehal

*Sundan sa pahina 2*

# PBBM: Maraming pakinabang sa buhay at kabuhayan ng bansa ang BCIB

Sundan sa page 2




*SINIMULAN ni Presidente Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. ang makasaysayang seremonya sa itatayong r 32.15-kilometrong Bataan-Cavite Interlink Bridge na mag-uugnay sa bayan ng Mariveles (Bataan) at Naic (Cavite).*

# PAO chief Acosta receives Tambuli Award

P2



**PAO Chief Persida Acosta**


# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 27 | 10.00 | APRIL 3 - APRIL 9, 2023


# Lacson kinantyawan si Diokno

KUMPARA sa sahod na tinatanggap bawat taon ng mga opisyal ng Gabinte, maliit ang pensiyong tinatanggap ng mga 4-star general ng pulisya at ng militar.

Nasabi ito ni dating Senador Ping Lacson upang kontrahin ang balak ni Finance Secretary Benjamin Diokno na reporma sa pension system ng mga pulis at kawal.

Sa kanyang tweet, sinabi ni Lacson na aabutin ng 18 pension niya sa loob ng 18 taon bago niya makuha ang sahod na P41.81 milyon na sahod at bonus ni Diokno sa isang taon.

"Retired with 4-stars, it will take me at least 18 pension years to approximate Ben Diokno's 2021 pay of P41.81-M," kantiyaw ni Lacson.

Si Diokno ang taong gobyerno na tumanggap ng pinakamalaking sahod nitong 2021 bilang gobernador ng Bangko Sentral ng Pilipinas.

Hindi ang mga tulad niya na itinaya ang buhay sa serbisyo sa loob ng 30 taon ang magiging dahilan ng pagbagsak ng pananalapi ng Pilipinas,

*Sundan sa p.2*



**Ping LACSON**

# The Best of Farmers' Harvests at SM Sunday Market



NOW open at 26 malls nationwide, from 7AM to 2PM, the SM Sunday Market has begun to offer fresh produce and fruits in season, flowers and plants grown by local farmers.

The SM Sunday Market is a joint initiative of SM Supermalls, SM Cares, and the SM Foundation Inc. (SMFI) which spotlights its Kabalikat sa Kabuhayan (KSK) program.

This helps hundreds of local food producers by providing them with high-traffic locations at SM malls nationwide to display and market their products to weekend shoppers, employees, and tenants.

Since 2020, SM Foundation has helped 28,500 local farmers from different municipalities nationwide by equipping them with modern and sustainable farming skills.

As we approach Holy Week, traditionally a time for meatless meat choices, you can opt to drop by the SM Sunday Market with your family, friends, and furbabies! As you fill your baskets with the best of their harvest, at farmgate prices, you help local farmers thrive and grow their small businesses.

The SM Sunday Market is currently serving the community at: SM City Cabanatuan, SM City Tarlac, SM City Pampanga, SM City Clark, SM City Baliwag, SM Center Pulilan, SM City Marilao, SM City Taytay, SM City Lucena, SM City Bacoor, SM City Dasmariñas, SM City Trece Martires, SM City Tanza, SM City Santa Rosa, SM City Calamba, SM City San Pablo, SM City Batangas, SM City Lipa, SM City Naga, SM City Legazpi, SM City Puerto Princesa, SM Center Ormoc, SM City Iloilo, SM City Cebu, SM City Butuan, SM CDO Uptown, and SM Lanang Premier.

Support your local farmers and give your family nutritious farm to table dishes. Stay tuned for more updates about the SM Sunday Market by visiting or following @smsupermalls on social media.







# Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort

P8

# PBBM: Maraming pakinabang sa buhay at kabuhayan ng bansa ang BCIB

MARAMING mahahalagang pakinabang at kabutihan ang maibibigay sa mamamayang Pilipino ng itatayong Bataan-Cavite Interlink Bridge (BCIB).

Binigyang-diin ito ni Presidente Bongbong Marcos sa ginanap na milestones ceremony kamakailan at ipinaramdam ang umaapaw na pananabik na makitang naitayo ang mahabang tulay na mag-uugnay sa bayan ng Mariveles (Bataan) at Naic (Cavite).

May habang 32.15 kilometro at apat na malalapad na daan, pinondohan ang proyekto ng P175.6 bilyon.

Lalagyan ng maraming daan na papasok at palabas at aayusin at patitibayin ang mga kalsadang patawid sa BCIB, matataas na tulay patawid sa ibabaw ng karagatan ng Manila Bay at maiikutang lagusan malapit sa Corregidor Island at mahaba at napakalapad na tulay malapit sa kostal ng Cavite.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni PBBM na buong-buo ang kanyang pag-asa sa maraming pakinabang at kabutihang sa buhay at kabuhayan ng bansa ang itatayong interlink bridge.

Alam niya, sabi ng Pangulo, ang malaking trabaho para maitayo ang proyekto, gayunman handa na ang lahat upang maitayo, makumpleto ang mala-higanteng impraestruktura.

" xxx It is an enormously difficult and complex plan that we will have to constantly commit to achieving, which are, of course, [for] great benefits that Filipinos will enjoy," sabi ni Marcos.

Kung maitayo at makumpleto na, mabilis ang papapunta at balikang biyahe mula Cavite-Bataan, mula sa dating limang oras, ito sa tantiya ay aabutin ng 45 minuto.

Lilikha ng maraming oportunidad sa trabaho, hanapbuhay ng libo-libong tao ang proyekto, at kung maitayo na, masosolusyonan ang palagiang masikip na trapiko sa Metro Manila, bukod pa ang mabilis na paghahatid ng mga serbisyo sa negosyo at kalakalan.

Luluwag ang biyahe ng mga motorista at makatutulong sa pagbaba ng presyo ng mga biihin at serbisyo at iba pang gastusin ang BCIB.

"xxx It will also help in bringing prices down for goods and services as the transport and logistics costs will decrease, thereby generating immense savings all around," paliwanag ni Marcos.

Dagdag dito, hindi lamang ang Cavite at Bataan ang makikinabang kungdi maging ang mga kalapit lalawigan bunga ng mabilis na transportasyon at malaking katipiran sa gastos sa pagnenegosyo.

Anang Pangulo, masarap isipin na dahil sa proyektong ito, masusuportahan ang pagtatayo ng mga pantalan, daungan ng mga barko at iba pang sasakyang dagat sa Cavite at Bataan.

Kung mangyari ito, posible, sabi ni Marcos na maging daanan at tawiran at pasukan ang karagatan ng Cavite-Bataan ng mga barko ng ibang bansa.

"It is also impressive to think about how this project will support the development of seaports in the said provinces, making them potential international shipping gateways of the country," sabi ni Marcos.

Ang pondo ng proyekto ay mula sa Asian Development Bank (ADB) at Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB).

Ang BCIB ay inokeyan ng National Economic and Development Authority (NEDA) Board sa programang "Build, Build, Build" ni dating Pres. Rodrigo Roa Duterte.

Isa ito ngayong prioridad ni Marcos sa kanyang programang "Build Better More" (BBM)./ **TRIXIE JOY MANALILI, DOMZ B. CAOILE, PIA**

## Gusaling...

*mula sa pahina 1*



**Kon. Manny Batatan**

Batatan, lalo nang kausapin ang municipal engineer para sa bagong disenyo ng publikong paaralan.

Anang alkalde, mas maganda ang bagong disenyo at mas makatitipid ang pamahalaang bayan kumpara sa dating disenyo nito.

## Lacson kinantyawan...

*from P1*

sabi ng dating PNP director general.

Kahit na may naglektyur kay Lacson na mali ang pagkukumpara sa trabaho ng pulis at ng Gabinete na tulad ni Diokno.

"He's overpaid but this comparison is pretty bad. Pension is not salary," sabi ng sang Twitter user.

Sabi ng isa pa: "This is true everywhere naman. Bankers and finance people run the world. Wag ka masyado mainggit."

Sinagot ito ni Lacson: "The comparison is between public funds and public funds. That's the bigger picture in a country's fiscal policy."



**Secretary Ben Diokno**

# Naic to kick off 323th founding anniversary with 'Barangay Ko, Linis Ko' competition

**NAIC, Cavite –** Organizers of the upcoming 323th founding anniversary celebration of this municipality, has set in motion a pre-event competition called "Barangay Ko, Linis Ko."

In a meeting held Saturday, March 25 at Seaside Beach Resort in Barangay Bagong Karsada, Mayor Raffy Dualan gave certificates of appreciation and thanks to 30 barangay captains who participated in the project which aims to make the environment cleaner and greener.

The project was supported by the Dasmarinas Lions Club and students from the National College of Science and Technology, Damariñas Campus.

Naic, a first class muncipality --only 47 kilometers south of Manila -- is known for its beautiful beaches, fishing villages and green farm villages..

The municipality is also a haven of green sea turtles (pawikan) where recently, Mayor Dualan with the help of local fisheries and aquatic resources personnel released hundreds of baby pawikan into the sea.

The foundation anniversary celebration starts April 27 up to the founding day, May 1. /**GENE TAN TAPARAN**




# PAO chief Acosta receives Tambuli Award

FOR championing the cause of the poor and indigents in achieving truth, justce and peace, Publc Attorney's Office chief Persida Rueda-Acosta had been given the prestigious Tambuli Award by Toastmasters International.

Acosta won the award from Toastmastert District 75 Division K .Director Veronica Villadolid citing Rueda-Acosta, the first non-Toastmaster to have received the award.

The awarding was held last April 1 in the Kaleidoscope Speech Contest where the chief public attorney was the keynote speaker, said Revelyn Ramos-Dacpano, PAO Regional Public Attorney (Region 4A) and head executive assistant.

Toastmasters International, a United States-based nonprofit educational organization, has clubs worldwide that promote communication, public speaking and leadership.

In conferring the award, Villadolid hailed the PAO chief "for her remarkable contribution in nation-building in line with communication and leadership."

Villadolid said that Atty. Rueda-Acosta merited the prestigious recognition "as an epitome of effective communication and leadership in your field of expertise as Chief Public Attorney in the Philippines."

"As chief public attorney, we recognize that you are a beacon of inspiration to the Philippine citizenry as you effectively champion the cause of the poor and the indigent in achieving truth, justice and peace," she added.

Founded in 1924, the Toastmasters International has over 364,000 members from more than 16,200 clubs in 145 countries, including the Philippines.

Rueda-Acosta thanked the Toastmasters and sad that with the award, she and her agency will be more inspired to provide indigents and underprivileged with free legal assistance.

# Telcos moderate your greed!



**MY CUP OF COFFEE**

by Henry E. CAOILE

TALAGANG sobra ang inggit ko sa Singapore at iba pang kalapit nating Asian countries na super speed ang kanilang internet connection.

Ngayong panahon, hindi na po, kapritso ang magkaroon ng accessible, maayos at maaasahang internet connection, ito ay isa nang human rights sa ating digital world.

Nauuso na nga ang Artificial Intelligence (AI) at may mga kaso ngayon sa mundo na ang mga robot, aparato na nilagyan ng AI chips ay ginagawa ang trabaho ng mga artist, expert sa engineering, medical services at balita ko, pati ang pagsusulat, ay baka mabura na ang trabaho ng publisher, kolumnista at news writer at photographer.

Wag naman sana.

Alam nyo ba, sa 22 Asia Pacific region, tayo ay champion sa superbagal na internet connection, at kulelat ang Afganhistan.

Pinakamabilis ang Singapore na nasa top number one sa 122.43 Megabits per second (Mbps) at No. 2 Hong Kong, 102.96 Mbps; No. 3. Japan, 82.12 Mbps; No. 4. South Korea, 59.77 Mbps; No. 5. Macau, 50.66 Mbps; No. 6. Taiwan, 50.59 Mbps; No. 7 Thailand, 19.62 Mbps .....

E iisa naman ang gamit na teknolohiya ng dalawa nating telcos, ang Smart PLDT at Globe telecom, at small player na Converge at iba pa.

Tapos panay ang panawagan ng ating Presidente Bongbong Marcos sa mga foreign at local investors na maglagay ng kanilang negosyo para magkatrabaho na ang mga "diablos" (jobless) Pinoy.

E paano po makakahikayat si PBBM e super bagal ang atng internet connection, super expensive ang electricity natin na patay-sindi, ang mahal din ng tubig, at laging lumilipad ang presyo ng langis at iba pang petroleum products.

Kaya umunlad ang China, kasi ang offer nila, murang koryente, murang tubig, maayos na internet connectivity, walang strike, at maayos na pasahod na magbibigay ng superlaking tubo sa mga investor.

E noon, nandito ang Firestone, Goodrich, at iba pang multinational corporations na hinikayat ni Apo Lakay Ferdinand Marcos pero nagsarado kasi, mahal ang tubig, koryente at gas, panay pa ang strike.

E pag nababalitaan ng mga investor ang supermahal, superbagal na internet connection, palpak na online telepohone system, mahal pero di pa siguradong malinis na tubig ng Maynilad, Manila water at super expensive na electric rates ng Meralco, umaayaw na.

E paano pa kung mag-strike, di pa nakababawi sa puhunan, lugi na agad.

Ang nakakainis pa, itong telcos natin, super magnanakaw ng load at hindi totoo ang kanilang promo tulad ng sinasabing 3G, 4G LTE coverage or connectivity.

Madalas, maraming dead zone mapunta ka lang sa ilalim ng tulay o sa loon ng tunnel at kahit sa ordinaryong opisina, no internet connection, at mauubos ang data mo nang hindi mo naman nagagamit.

Very essential sa negosyo, sa personal na buhay ang mabilis na telecommunication at hindi ito naibibigay ng ating telcos.

Di po ba, pag may ipinangakong serbisyo, na bayad ka naman, tapos hindi ibinigay, violation iyon ng prangkisa o ng permit of public conveyance at pag hndi inayos o ibinalik ang pera, yon ay krimeng estafa.

Ano kaya, yung milyon-milyong subscribers ng mga telcos na ganyan ang serbisyo ay sabay-sabay na magsampa ng kaso, Mr. President Bongbong Marcos, DoJ Sec. Boying Remulla, NTC, DITC mga bossing, ano po ang masasavi nyo?

Ang alam ko, nagwawarning lang ang NTC at ang DOJ na kakasuhan nila ang mga telcos na ganyan ng unfair practice ayon sa Consumer Act.

At mayroon tayo na Philippine Competition Commission na dapat ay magprotekta sa unfair practices ng mga public utilities and services company, e may nabalitaan na kayo na nakasuhan ang ahensiyang ito.

Wala yata at panay lang ang kuda at kubra ng suweldo nila at alawaneses e wala naman kaming pakinabang sa inyo.

Ay, mag-swimming muna kaya ako sa Oasis Hotel para magpalamig at nang mawala ang kunsume ko ngayong Holy Week.

# Sa Panginoong JesuCristo, kakamtin ang eternal life



**Sa Ganang Akin**

by Adela R. ZAMORA

TOTOO nga, sin duda (no doubt), kung kumatok ka sa pusong mapagkapwa, pagbubuksan ka, at nangyari, naisip ko na i-text si Thom delos Santos, at naglambing, at ilang sandali lang, sa text ni Thom, ano raw ang aking GCash at padadalhan niya ako ng pang-food budget.

Si Thom ay isa sa mga badigard noon ni Kuya Johnny kapag may mga turistang Japanese sa Puerto Azul sa Ternate, Cavite.

Si Kuya Johnny, dear readers, ay si Gov. Wapog Remulla na tatay nina Gov. JonVic at kuya niya, si Justice Sec. Boying Remulla na boss din dati ni BantayBalita Editorial Consultanti Kuya Eli Taparan na noon e Cavite provincial information officer (PIO), at media consultant sa panahon ni Gov. Ayong Maliksi.

Si Thom ay hindi naklilimot sa akin na kasama ko noon pag may bisitang Japanese tourist/investor si Seiki Kimura na honorary member ng Cavite Press Club, Inc. (1980) na presidente si Del Villanueva (+) at secretary si Kuya Eli Taparan.

At bakit daw Wapog ang tawag kay Gov. Johnny, e ito po ay galing sa Spanish word na "Guapo" (Handsome) na binaligtad -- Pogua, poguapoguapo, hanggang naging 'Wapog.'

Sa iyo, Thom, maraming-maraming salamat sa ipinadala mong pang-food budget at ngayong Semana Santa, may pagkain na po ako.

Ang Diyos Ama po ang magpapala sa kabutihang loob mo sa akim Thom delos Santos: a, kaya pala ang bait mo, ang daming "santo" sa iyong apelyido.

@@@

Pinaglalaruan ba ako ng tadhana at ngayon ay nangungulila pa sa alaala ng nakalipas matapos na mahiwalay kay Josue Cortey Zamora at sa aming limang anak -- parent ng aking limang anak: sina Francisco (+), Ma. Theresa, Bernadette, Joselito Alberto (+) at Lorenza.

Malaking tiisin iyon na mahiwalay sa aking pinakamamahal na mga anak pero ibinangon ko ang aking sarili sa pagmumukmok at naisip ko, isa itong pagsubok sa akin -- aking titiisin at ibabangon ko ang aking sarili.

Dahil bata pa ako (at byuti, sabi ng marami!), naghanap ako ng trabaho, tumingin-tingin ako sa anunsiyong "Jobs wanted" sa mha diyaryong Manila Times,Daily Mirror, Taliba na ang opisina ay sa may Florentino Torres sa Sta. Cruz, Manila.

May nakita ko, "Wanted Proofreader", so apply si Adela, teka bakit proofreader, kasi mabilis, matalas ang mga mata ko na makakita ng mga mali sa iniimprentang texto sa diyaryo at kahit ngayong 80-anyos na ako, hindi ako gumagamit ng reading eyeglasses, at alam ko, gift ito ni Lord God kaya siguro malinaw pa akong nakapagbabasa ng Bible.

Sa trabaho ko, nakilala ko si Ding Mora at sabi niya:" Adela, hindi ka magkakapera dyan, sa advertising ka na lang," at ipinakilala niya ako kay Tita Ditas Ballesteros, at na-assign ako sa advertising department ng Manila Times, Daily Mirror at Taliba.

Nakatira ako noon kina Judge Wenceslao Leviste Cornejo at Pacita Joaquin Cornejo, at naging social secretary ni Ma'am Pacita na namamahala sa kanilang PJC Security and Investigation Agency.

Isang araw, naglakas loob ako kay Judge Cornejo, sabi ko. "Papa Wency, hingi po ako ng tulong para makakuha ng ads para sa Taliba," at sinabi na kunin ko ang kanyang desk pad.

"Help her," sabi sa sulat ni Judge Cornejo kay Mr. Lim Ka Ping ng sikat na sikat na Good Earth Emporium (wala pa noon ang SM), at alam nyo ang naibigay sa akin?

Worth P60K na ads ng Good Earth Emporium sa Taliba ang ibinigay sa akin ni Mr. Lim, sa tulong nina Judge Papa Wency at Ma'am Cornejo at duon na nagsimula ang aking paglalakbay sa mundo ng journalism.

Mula noon, mula sa advertising, naging news correspondent ako ng daily tabloid na Taliba, Balita, at naging contributor ng mga weekly newspaper at magazine, at nahalal na director ng National Press Club (NPC) of the Philpppines.

Marami pong salamat uli sa mga tulong ng ating unang Lady President ng NPC, si Madam Lydia B. Bueno at congratulations sa lahat ng mga awards, recognition at iba pang karangalang inyong natatamo.

@@@

'Yan muna ang kuwento ng buhay ko, at ngayong Semana Santa, inaaalaala ko ang paghahandog sa sariling buhay ng ating Panginoong Jesus na tiniis ang lahat ng dusa, paghamak at pahirap sa pagkapako sa krus at pagkamatay Niya upang ang buhay at dugo Niya ay maging pantubos sa kasalanan ng mga nananampalataya at

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor RUEL FRANCISCO
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# 'Wag kang walang galang, Lady police officer!



REVANZE

by Domz B. CAOILE

NITONG nakaraang linggo, kami po ay naging biktima ng dis/misinformation tungkol sa isang column item sa isang national daily newspaper.

Sa column, may binanggit tungkol sa nangyayari sa isang opisina sa Cavite provincial capitol (hindi ko na babanggitin kung ano'ng opisina, since, nagmensahe ng "Sorry" ang mga tao roon).

Ang sa akin lamang, basahing mabuti ang nakasulat at wag agad na magbibintang, lalo na at wala tayong kinalaman tungkol sa naisulat sa daily online and print national newspaper sa Manila.

Ang totoo, kami po rito sa BantayBalita ay nakakantiyawan na "official newspaper" na ng Kapitolyo kasi madalas na ating inilalathala ang mga PR, magagandang pangyayari sa naturang opisina sa Cavite provincial government, at totoo naman na todo ang ating suporta, lalo ang ating BantayBalita newspaper sa lahat ng Cavite LGUs, iba pang local and national government agencies.

Bilang bahagi ng media, madalas ay may nagpaparating sa atin ng kung ano-anong news, intriga, comments, na atin munang bine-verify bago natin patulan.

Tungkol sa mga kolum, bad and good publicity sa mga media outlets sa labas ng Cavite, lalo na sa Manila based newspaper, wala po tayong pakialam at wala tayong karapatang makialam sa kanila.

Kung kayo po ay naisusulat na sa tingin nyo ay "bad" at kayo ang inuupakan, 'wag ituro sa amin ang sisi, at tandaan nyo, bilang public official, elected and appointed, ang maging target ng criticisim ay bahagi ng inyong trabaho.

Sabi nga sa maraming desisyon ng Supreme Court, di kayo dapat na maging onion skinned (balat-sibuyas) kasi nga, kayo ay nandiyan para magsakripisyo, maglingkod at hindi para kayo mag-feeling boss namin.

Sabi nga ng dating Prez, Noynoy Aquino: "Kayo (taumbayan) ang boss ko!"

@@@

Opo, may mga nakararating sa aming bad PR, mga marites na nagsasabi na si Ganitong opisyal, o si Ganireng empleyado ay may ginawa o ginagawang di mabuti.

Ang hamon nga ng mga nagme-message sa amin, e bakit hindi namin isinusulat ang mga "anomalya" na isinusumbong sa amin, at ang lagi naming sinasabi: "Where are your documents?" o kaya, "Are they hard evidence?" at "Handa ba kayong magbigay ng salaysay?"

Sa mga tanong na ito ng mga nagrereklamo na si Public Servant kuno ay korap o may ginagawang kalaswaan o eskandalo, opo, ang mga iyon ay matter of public interest at right ng publiko na malaman iyon, lalo na kung kunektado sa tungkulin at responsibilidad ng Public Official.

Nangyayaring madalas kasi, pag pinatulan namin ang mga sumbong, at pag nagkaroon na ng mga kaso, kami sa diyaryo ang naiiwang "nakatanga" at nakikipaglaban sa mga maiimpluwensiyang tao at ang inaasahan naming katuwang sa paglaban sa sinasabing anomalya ay ano ang nangyari.

Kami pa ang pinalalabas na sinungaling at naiipit sa mga kasong ang nagsusumbong ang nagpasimula.

Yes, opo, katulong nyo kami sa mga anomalya, pero kailangan natin ang tulong nyo, mga concerned citizens at walang iwanan.

Kaso, kami ang naiiwan sa solong laban, at ang nagsumbong pala ay kasangkapan ng mga politikong nais siraan ang kanilang mga kalaban sa politika.

Iyan lamang po, at salamat!

@@@

Eto ang isang masakit na experience natin kamakailan sa pagpunta natin sa Dasmarinas City police station: Sa malayong lugar ako nakapag-park ng ating "chedeng", hehehe, kaya naglakad ako sa mainit na tanghaling tapat.

Sa police station, dala ang latest copies ng ating BantayBalita, nagtanong ako sa isang duty police officer kung nandoon si Lt. Col. Juan Oruga na last time na makausap natin, siya ay Major lang yata at nakadestino sa Tagaytay City.

Nagmagandang araw ako sa duty officer at tinanong ko kung nasa opis niya si Col. Oruga, sabi ko, magbibigay ako ng mga kopya ng BantayBalita.

Sabi ng kausap ko, "Ay hindi po ako sure, kung nandiyan pa si Sir... parang umalis, , saglit lang po, tawagin ko ang secretary ni Sir.

Umalis ang duty officer at kasunod, kasama niya ang isang magandang policewoman at siya ay binati ko ng "Good morning, Ma'am" -- na mabilis niyang sinagot ng: "Naku, Sir, umalis po, may inasikaso."

Sayang nasabi ko, at sinabi, magbibigay ako kay Col. Oruga ng mga kopya ng aming newspaper, BantayBalita, at binigyan ko ng kopya ang lady police officer.

Sabi niya, " Saglit lang po, Sir, tetext ko lang po si Sir at maupo muna kayo diyan."

Nag-thank you ako kay Lady police officer na agad umalis at at naupo sa itinurong upuan at naghintay.

After 15 minutes, nainip na ako at nilapitan ko ang unang duty officer at nagtanong.

Sabi ko, "Sir, r pwde pong makausap yung secreatry ni Chief, kasi aalis na ako at magpapaalam.

"Sige, Sir," sabi ng kausap ko, at itinuro niya ang opisina ng secretary ni Col. Oruga, at nagtanong sa mga tao roon.

"Sir, magtatanong lang po, nasaan na po si Ma'am, yung secretary ni Col. Oruga."

Sinagot ako ng isang police officer, aniya, "Nag-CR lang po yata...?"

Pero, sabi ng isang police officer, "Lumabas na, sumakay na sa (police) mobile (car)...."

Naramdaman ko, medyo bumigat ang dibdib ko at sinabi ko sa kausap ko, " Naman, ... sana, bago siya umalis, sinabi niya nang hindi ako na parang tanga na naghihintay sa wala namang hinihintay!"

Nasabi ko sa police officer, wala naman bastusan, kasi magalang ako na nagpakatao, pero ginawa akong tanga sa paghihintay.

Pawisan ako sa paghihintay, tapos, parang asong gala na basta lang iiwan nang walang paalam.

Nasa isip ko: "Maganda pa na naman siya, pero walang galang sa kapwa."

Tandaan mo, lady police officer, ikaw ay public servant, your duty is to serve and protect.

Any comments, send to domzcaoile@yahoo.com

# Topacio: 'Teves is only 1 percent'



HINDI pa lutas ang kaso ng pagpatay kay Negros Oriental (NO)Gov. Roel Degamo.

Sinabi ito ni Atty. Ferdinand 'Ferdie' Topacio, head legal counsel ni NO 3rd District Rep. Arnolfo Teves Jr., tungkol sa deklarasyon ni Justice Secretary Jesus Crispin 'Boying' Remulla na 99 percent nang 'solved' ang pagpatay kay Degamo noong Marso 4.

Sa interbyu ng media, ipinagmalaki ni Sec. Remulla na sa pagkaaresto sa 'main player', dagdag ang mga sinumpaang salaysay ng iba pang suspek, "99.9 percent solved" o lutas na ang krimen.

Umano, itinuturo ng mga suspek na si Teves --ngayon ay nasa US -- ang utak sa pagpatay sa gobernador.

"It is never 99 percent, 100 percent, 70 percent, 50 percent solved at this stage; it is still too early," sabi ni Atty. Topacio.

Dumalo si Topacio sa Pandesal Forum sa Kamuning Bakery Cafe sa Quezon City, Sabado, Abril 1 para kontrahin ang pahayag ng kapwa Cavitenong si Sec. Remulla.

Kung katumbas ng 99% ang pagkadakip sa di-pinangalanang main player, ayon sa pahayag ni Remulla, ibig bang sabihin, tanong ni Topacio, "Teves is only 1 percent."

Merito ng mga ebidensiya ng taga-usig at ng tagapagtanggol na ihaharap sa korte ang magpapasiya kung sino nga ang mga kriminal sa pagpatay kay Degamo, sabi ni Topacio.

Ang kaso, sabi ng abogado ni Teves, ay nauuwi sa 'trial by publicity'.

Korte ang hahatol at hindi ang court of public opinion, diin ni Topacio.

Hinamon ni Topacio ang mga tagausig ng gobyerno na isampa ang kaso laban sa kilyente niyang kongresista.

Kasalukuyan, sabi niya, wala pang balak umuwi ng bansa si Teves nang tanggihan ni Speaker Ferdinand Martin Romualdez ang ilang kahilingan para matiyak ang kaligtasan ng kongresista.

Sabi ni Topacio, tama at nararapat lang ibigay ang mga hiling ni Teves.

"My client's requests were reasonable and not demands for special treatment," sabi ni Topacio./**ELI TAPARAN II**

# LCP-NEB meeting a success

THE CITY OF GEN. TRIAS in collaboration with the cities of Bacoor, Dasmariñas, Imus and Tagaytay, successfully hosted the 74th League of Cities of the Philippines National Executive Board (LCP-NEB) Meeting attended by city mayors from across the country.

Senator Robin Padilla and Department of Finance - Bureau of Local Government Finance Executive Director Pamela Quizon also graced this momentous occasion held at the Bayleaf Hotel - Cavite.

The LCP-NEB meeting gave GenTri local officials led by Mayor Jon-Jon Ferrer who is the current National Treasurer, Cong. Ony Ferrer, Vice-Mayor Jonas Labuguen and members of the Sangguniang Panlungsod, an opportunity to showcase the city's culture, hospitality and significant accomplishments.

The event's success would not be possible without the support of the Provincial Government of Cavite, various national and local government agencies, as well as the private sector./ PIA Cavite, photos by Robert Sarayba



# Muling Pagkabuhay ng Medical Cannabis

**Malayang salin sa akda ni Gem Marq Mutia, MD**

NOON pang unang panahon, ginagamit na ang Cannabis, o mas kilala sa tawag na Marijuana na inaalagaang pananim ng tao para gawing pagkain, mga hibla, medisina at sa mga ritwal o seremonya.

Patunay nito ay ang natuklasang mga basket sa gawa sa mga hibla ng Cannabis ang basket, sa ngayon ay nasa Czech Republic.

Tinataya na ginawa ang mga basket, may 26,000 taon na ang nakalipas.

Ginamit na ring gamot ang Marijuana sa panahon ni Chinese Emperor Shen-Nung -- na ayon sa naitalang rekord, 5000 taon na ang nakaraan, ipinanggagamot ang Cannabis sa mahigit na sandaang sakit, tulad ng rayuma at malaria.

Marami pang sinaunang sibilisasyon ang sumunod sa paggamit sa Cannabis para sa napakaraming uri ng karamdaman.



Nakita sa medical papyrus sa Egypt na may nakuhang mga bulo (pollen) sa momya (mummy) ng paraong si Ramesses II.

Malawakan ding ginamit ang Cannabis ng manggamot na si Claudius Galen sa buong emperyong Greco-Roman, at sa kalaunan, sa maraming daang taon, lumaganap ang paggamit nito sa maraming bansa.

Nitong ika-19 na siglo, unang ipinakilala ng Irish doctor na si William O'Shaugnessy sa kanlurang medisina ang mahahalagang katangian ng Marijuana bilang gamot sa inilathalang Provincial Medical Journal noong 1843.

Kalaunan, naisama ito sa British and American pharmacopeias, kasama si Sir William Osler, isa sa mga nagtatag ng Johns Hopkins.

Idineklara ni Osler -- na kinikilalang Father of Modern Medicine -- na isang mabisang gamot sa migraine ang Cannabis.

Sa Pilipinas, isinulat ni Dr. Jose Rizal ang isang dokumentadong katangian ng Marijuana sa isang liham niya sa kaibigan at kapwa anthropologist, Dr. Adolph Meyer.

Sabi ni Dr. Rizal: "I myself though, in 1879, used Hashish in the Philippines. I did it for experimental purposes, and obtained the substance from a Drugstore."

(Ako mismo, noong 1879, ay gumamit ng Hashish sa Pilipinas. Inexperimento ko ito, at nakakuha ako ng mga sangkap nito sa isang botika.)

Tiyak na maraming nakatutuwang karanasan ang natuklasan ni Rizal sa paggamit niya ng Hashish (crude cannabis resin).

Pero mas mahalaga ay ang pagkatuklas na noon pa man, mayroon nang Cannabis na ginagamit na panggamot sa ating bansa.

Naiisip ko lang kung may ibang mga naisulat na mga rekord sa paggamit ng Cannabis si Dr. Rizal o ang ating mga katutubong tao noon.


Maaaring nawala ito o itinago ng mga sumakop sa atin.


Masuwerte tayo at naingatan ni Dr. Meyer ang sulat sa kanya ni Dr. Rizal dahil sa pagpasok ng ika-20 siglo, nagsimula nang siraan at pasamain ang halamang Marijuana.

Sa pag-unlad ng teknolohiya, nagawang maisantabi ang mga katangian ng Cannabis bilang mahusay na gamot at ang pagbubuo ng mga pinadalisay na gamot.

Di katulad ng morpina (morphine) na naihiwalay sa opyo (opium) noong 1805, naging mailap ang pagtuklas ng mahuhusay na sangkap ng Cannabis sa mga unang taon ng ika-20 siglo.

Mas tinangkilik ang mga gamot na likha sa mga laboratoryo kaysa di maayos na







gawang medical cannabis.

Bunga nito, nawala ito sa mga botika at makikita na lamang sa mga tago at kubling lugar o drug den.

Dahil nabawasan ang paggamit ng Marijuana bilang gamot, kasunod ang paggamit nito bilang pampagana at pampasaya, pinagtibay sa US ang Marijuana Tax of 1937 sa kabila ng mahigpit na pagtutol ng American Medical Association.

Pangunahing nagtaguyod ng batas laban sa Marijuana ay si Harry Anslinger, hepe ng Federal Narcotics Bureau -- sinabi: marami sa mga nagsisigarilyo ng marijuana ay mga Negro, Hispanics, at Filipino.

"Their satanic music, jazz and swing, result from marijuana usage. This marijuana causes white women to have sexual relations with negroes, entertainers, and others," sabi ni Anslinger.

(Nalikha ang mala-Satanas na musika, jazz at swing sa paggamit ng marijuana. Dahil sa marijuana, nahihikayat na makipagtalik ang mga puting babae sa mga negro, entertainers at iba pa.)

Ang mali, at walang batayan sa siyensiya na paninira at maling propaganda laban sa marijuana ay lalo pang pinatindi sa pelikulang Reefer Madness.

Ipinakilala sa publiko ng pelikulang ito na nagiging baliw, mamamatay-tao, manggagahasa at kilabot na kriminal ang mga taong gumagamit ng cannabis.

Hanggang ngayon, marami ang naniniwalang ganito nga ang masamang epekto sa tao ng paggamit ng marijuana.

Maraming bansa ang sumunod sa US at sa ginanap na 1961 Single Convention of Narcotic Drugs ay itinakda ang mahigpit na pagbabawal sa cannabis sa buong mundo.

Noong 1964, dahil sa "The isolation of Cannabidiol (CBD)" at sa "Tetrahydrocannabinol (THC, cannabis' primary psychoactive component)" noong 1964, ay nabuksan ang malawakang pagsasaliksik sa cannabis.

Sa mga pag-aaral sa mga epekto ng Phytocannabinoids ay natuklasan ang 600-million-year-old signaling system sa lahat ng hayop.

Ito ang "Endocannabinoid System (ECS)" na malawakang tumatawid sa lahat ng bahagi at organo at siyang gumaganap sa gawaing mapanatili ang matatag na balanse sa katawan.

Natuklasan na itong THC at CBD ay ginagaya ang likas na likhang cannabinoids sa loob ng katawan, ito ang Endocannabinoids.

Itong Endocannabinoids ang nagsasaayos ng emosyon, gana sa pagkain, oras ng pagtulog, kakayahang tiisin ang kirot at iba -- ito ang nagpapaliwanag ng sinasabing epekto ng pagkunsumo ng cannabis.

Bunga nito, inaprubahan ng Food and Drugs Administration (FDA) ang synthetic THC (Marinol) noong 1985 para magamot ang pagkahilo at pagsusuka na nararanasan ng mga sumasailalim ng chemotherapy.



Kasunod nito, mas pinaluwag ang mga batas at hinayaang magamit ang cannabis sa ngalan ng awa at habag at karapatang pantao.

Sa tulong ng siyensiya, muli nating pinag-aalab ang ating matalik na relasyon sa halamang ito.

Mawawala na sa mga kubling dako ang cannabis at maibabalik na ito sa mga botika at lalagyang kabinet ng mga medisina.

(Isang bantog na lisensiyadong manggagamot, si Dr. Gem Marq Mutia ay tagapagtatag ng Philippine Society of Cannabinoid Medicine.

Isa ring mahusay na tagasaliksik, lektor at tagapagsalita sa maraming internasyonal na pagtitipon, si Dr. Mutia ay piniling resource speaker sa nakaraang 18th and 19th Philippine Congress. / **BB,. Eli Taparan II)**



# 323th Foundation anniversary ng Naic, malapit na

SANA po, apurahin ng Senado ang inaprubahang House Bill (HB) No.7535 na kapag ang isang centenarian ay umabot ng 101 o higit pang taon, agad ay mabigyan siya ng benepisyong P1M cash gift!

At ang maswerteng centenarian, bibigyan pa ng natatanging sulat mula sa Presidente ng Pilipinas.

Ang HB No. 7535 ay inakda ni Senior Citizens partylist Rep. Rodolfo 'Ompong' Ordanes at chairman ng Special Committee on Senior Citizens sa House of Representatives.

Ang panukalang ito ni Rep. Ordanes ay mag-aamenda sa Centenarians Act of 2016 (RA No, 10868) at hindi lang ito: 'yung Pinoy na aabot sa edad na 80, 85, 90 at 95-anyos ay makakatanggap din ng liham mula sa pangulo ng Pilipinas at cash gift na P25,000.

E sa kasalukuyan, ayon sa Centenarians Act, tanging ang umabot sa edad na sandaan (100) taon ang mabibigyan ng P100,000 cash gift mula sa national government at dagdag na halaga, depende sa ordinansa ng bayan o munisipalidad kung saan nakatiran ang centenarian.

Iba naman ang panukala ni Sen. Imee Marcos sa pag-amenda ng Centenarians Act: nais niya pagsapit ng edad 80, 90 ay makatanggap na agad ng bahagi ng P100K ang isang senior citizen.



**SA TOTOO LANG!**

**by GENE T. TAN**

Sabi ni Sen.Imee, e bihira na ang umaabot sa edad na sandaan, kaya nasabi niya, "Aanhin pa ang damo, kung patay na ang kabayo!"

Tama po si Manang Imee, kasi ayon sa statistics, ang life span ng mga lalaki ay 79 pataas at ang mga babae naman ay 83-anyos pataas.

Kasalukuyan, mahigit sa 10% ng 9 milyon senior citizens ay nasa edad 80 pataas at panahon, sabi ni Sen. Imee, mas mabuti na habang buhay pa, mapakinabangan na nila ang bahagi ng benepisyo, ayon sa Centenarians Act.

Ang panukala ng senadora ay agad na sinuportahan nina Senador Bong Revilla, Koko Pimentel, Sherwin Gatchalian, Bong Go at Risa Hontiveros,

@@@

Hindi pa man sumasapit ang 323th foundation anniversary ng Naic, ay abalang-abala na ang mga taga-munisipyo sa gagawing selebrasyon.

Noong nakaraang pagdiriwang, nagkaroon ng korakol sa dagat, may "Sunduan" na matagal nang tradisyon sa Naic, at ang iba pang patimpalak tulad ng awitan, beauty pageant, at food festival at mga baratilyong paninda sa mga palengke, plaza at piling lugar sa bayan.

Ngayong taon, maagang sinimulan ni Mayor Raffy Dualan ang proyektong "Barangay Ko, Linis Ko" na kailan lang, nagkaloob siya ng certificates of appreciation sa 30 barangay na nagpakitang gilas sa pagpapaganda, paglilinis at pagpapanatili ng maayos na koleksiyon ng basura sa kani-kanilang lugar.



**Mayor Raffy Dualan**



**Rep. Rodolfo Ordanes**

Nagsisimula ang selebrasyon ula Abril 27 hanggang Mayo 1, mismong araw ng 323th foundation anniversary ng makasaysayang bayan ng Naic.

See news article n photos elsewhere in this issue.

Samantala, inaapura na ang paggawa ng Sanitary Land Fill (SLF) sa Naic para lalo pang maging malinis ang bayan, at doon na rin maaaring magtapon ng basura ang ibang LGUs sa Cavite.

Alam na nyo na daan-daan milyong piso ang ipinopondo ng mga LGUs na bayad sa pinagtatapunan nila ng basura sa labas ng ating lalawigan.

E, kung sa Naic ang tatanggap ng itatapong basura, siguradong malaki ang kikitain ng munisipyo na magagamit naman sa maraming programa para sa kabutihan ng mamamayang Naicquenos.

Para sa inyong komento: sarfia926@gmail.com

# Seminar on Business Management in Carmona



PERSONS with disablities (PWDs) from the municipality of Carmona were beneficiaries of the Seminar on Business Management, held March 30, Friday.

Ms. Analyn Varias conducted the seminar for the benefit of the PWDs at Brgy. Mabuhay Covered Court, this town.

The seminar was requested by the Persons With Disability Affairs Office (PDAO) of Carmona where attendeed were lectured onthe basics of starting a business.

The participants and their families were encouraged to sustain their livelihood kits awarded by the PDAO LGU Carmona. /iamDTIph

# Hanapbuhay at trabaho sa kabataang Kabitenyo







DALAWANPU't dalawang aplikante ang agad ay tinanggap sa matagumpay na proyekto na magbibigay ng oportunidad sa trabaho na ginanap kamakailan sa Alfonso.

Tinawag na "Trabaho sa Kabataang Kabitenyo," ito ay inistatibo ng Sangguniang Kabataan Provincial Federation ng pangulo nito, si Board Member Tom Carlo M. Ardemer.

Bahagi ito ng ginagawang Mega Job Fair Caravan na katuwang ang Provincial Public Employment Service Office (PPESO) na sinuportahan ng mga presidente ng SK Federation Presidents mula sa mga bayan ng Alfonso, Magallanes at General Emilio Aguinaldo.

Naging matagumpay ang proyekto sa tulong ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa Cavite at ng Department of Migrant Workers (DMW).

Sa kanyang mensahe, sinabi ni Krystel Faye Alcazar, SK Federation President ng Alfonso, hinikayat niya ang kapwa kabataan na lumahok sa mga mega job fair at nang magkatrabaho at makatulong sa kani-kanilang pamilya.

Kinilala naman nina BM Ardemer at PPESO Head, Ms. Rizalie Pinpin-Enero ang malaking ambag sa proyektong "Trabaho..." ng mga katuwang na opisyal ng Alfonso, Magallanes, at Gen. Emilio Aguinaldo.

Sumaksi sa okasyon sina John Allen Cabahug SK president ng Gen. Emilio Aguinaldo; , Glydel Ann Crisostomo, SK president ng Magallanes; Konsehal Joseph Lopez at r. Eddie Panganiban, kinatawan ng Gen. Emilio Aguinaldo at Mr. EJ Fontanilla, na tumulong sa maayos na pagdaraos ng job far.

Nagkaloob ng certificate of participation sa mga kompanyang sumali sa mega job far ang sumusunod: Caishen Marketing Services, Inc., Enomoto Philippine Manufacturing, Inc., Euro-Med Laboratories, H.R.D Singapore;

Synergy Expert Labor Service Cooperative, Sanford Marketing (SM Savemore), Powerlane Resources and Hopewell Overseas Manpower Network, Inc., W&W Human Resource, Specialists Corporation, WalterMart Supermarket, Inc., at Lazurite Titanium & Life Insurance Agency (Pru-Life UK).

Mga inialok na trabho ay tulad ng: production operators, quality control, molding inspector, assembly technician, stamping operator, and facility technician.

May alok ding trabaho sa ibang bansa tulads ng:caregiver, staff nurse, nursing aide, general crop farmer, livestock farmer, hotel maintenance, technician officer, waitress, engineers, building electrician, furniture carpenter, fork lift operator at foreman.

Sa kabuuan, 3,718 lokal na trabaho ang inialok, 80 para sa r overseas employment were offered. /**PICAD, GENE TAPARAN TAN**

# Sa Panginoong JesuCristo...

*mula sa P3*

tumutupad sa Kanyang mga utos.

'Wag nating ubusin ang sanlinggong Banal na mga Araw sa gimikan at kasayahan lamang, sa halip, ating ibuhos sa pagsisisi at pagsisikap na magbagong-buhay.

Sabi nga ni Lord Jesus sa Last Supper, laging alalahanin ang Tinapay na Kanyang katawan at ang Katas ng Ubas na simbolo ng dalisay at banal Niyang Dugo na pantubos sa kasalanan.

At ang Kanyang muling pagkabuhay at patunay na ang mga "tupa" Niya na nangamatay ay muling bubuhayin sa katawang imortal at ang mga buhay na mananampalataya ay bibigyan din ng katawang imortal at isasama sa Bagong Jerusalem sa Langit at duon mabubuhay nang masaya, wala nang luha, pighati at karamdaman sa buhay.

Ang mga kay JesuCristo ay bibiyayaan ng eternal life.

Para sa inyong komento: arzmedia777@yahoo.com

# May paparating...

*mula sa P7*

Presidente Rodrigo Duterte na panganib sa sekuridad ng Pilipinas ang mga base militar ng US.

Nangangamba si Duterte na sa pagdami ng EDCA sites sa bansa, may malaking banta ng nalalapit na digmaan, aniya sa interbyu ng SMNI: " I don't know -- he (Marcos) cannot make the American leave ... in our situation now, we cannot drive the American away."

Ang Pilipinas, sa paniniwala ni Duterte ay gagawing lugar ng nais nitong pasimulang giyera sa China kapag tinangka nitong bawiin ang dating probinsiya nito, ang Taiwan.

Kakampi ng US ang Taiwan, at gagamitin ng US ang base militar nito sa pagtatanggol sa Taiwan, sakali ngang lusubin ito ng China, at dahil dito, ayaw man natin, kung sumiklab ang giyera, damay na tayo.

Hindi para sa interes ng US ang base militar nito sa Pilipinas, sabi ni Duterte:

"For their (US) interest. But because we are being made a platform for the arms ... that is what made the Philippines vulnerable." sabi ni Duterte, at alam ito ni PBBM.

Wala naman daw tayong magagawa kungdi sundin ang nais ni Marcos.

Pero, maliwanag, sabi ni Duterte, ang EDCA ay para sa interes ng US, at hindi sa Pilipinas.

Mapipilitan ang China na gumanti sa US kung makialam ito sa isyu ng pagbawi sa Taiwan, at dahil may mayroong US bases sa Pilipinas, ang tiyak na tatargetin ng armas militar at nuklear ng China ay EDCA sites sa ating bansa.

Ayaw man, ito ang tiyakang mangyayari: tatargetin ng China ang Pilipinas kung sumiklab ang giyera.

Mas nais ng China, sa paniniwala ni Simbulan na mas palakasin ang lakas ng ekonomya nito at ngayon pa na nakakalat na sa halos lahat ng panig ng mundo ang napakarami nitong iba-ibang produkto.

Walang base militar ang China sa ibang bansa, pero ang US, sa rekord, nakapagtanim na ito ng mahigit sa 900 military 90 na bansa, kasama ang Pilipinas.

Mitsa ng giyera ang EDCA sites sa bansa, at masisindihan ito sa umiinit na tensiyon ngayon ng China at US na kasalukuyang nagkakamada ng mga armas nuklear at kasama ang kaalyadong Australia, Japan, England, France, nagdedeploy na sila ng mga barko de giyera sa dagat Pasipiko at sa South China Sea (West Pilippine Sea).

May papalapit na giyera, pakiramdam ni Duterte na siya sa sarili ay nagsabing ayaw niyang magkatotoo ang pangitain niya sa pagdami ng EDCA sites sa Pilipinas.

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED ROSALES ROCILLO WITH ABSOLUTE ASLE**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ROSALES ROCILLO,** who died on instetate on OCTOBER 27, 2002 AT MENDEZ, CAVITE, left a parcel of land situated in brgy. Mahabang Kahoy, Balagbag, Indang, cavite coverd by Tax Declaration AA-10-0029-01296 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales, under Doc. No. 391, Page No. 80, Book No. 12, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 27, APRIL 3 & 10, 2023**

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF DECEASED SPOUSES JULIAN SISMAET AND JUANA DEL MUNDO SISMAET AND THE DECEASED GLICERIA SISMAET MARJES**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPOUSES JULIAN SISMAET AND JUANA DEL MUNDO SISMAET,** who died on August 5, 1975 and May 8, 1978 and **GLICERIA SISMAET MARJES** ,who died on December 10, 2021, left a parcel of land agricultural land converd by Tax Declaration NO. AA-13-0017-00280 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-Ann R. Alcid, under Doc. No. 1820 Page No. 49, Book No. 9, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 3, 10 & 17, 2023**

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH ABSOLUTE SALE**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **RUSTICA MEDNOZA CASASOLA ANND MARCIANO ORDONEZ CASASOLA,** who died on instetate on December 27, 2009 at general Trias, Cavite and October 4, 2014 at Naic, Caviote, left a parcels of land, covered by Transfer Certificate T-9788996, Transfer Certificate of Title No. T-264274, Transfer certificate of iTitle No. T-1160328, Transfer Certificae of Title No. T-1160329, Transfer Certificate of Title No. T-1160331, Transfer Certiciafte of Title No. 057-2013038507 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales, under Doc. No. 36 Page No. 9, Book No. 13, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 3, 10 & 17, 2023**

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED SPOUSES PAMFILO R. ROMERO AND AVELINA E. ROMERO WITH DEED OF ABSOLUTE SALE**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **PAMFILO R. ROMERO AND AVELINA E. ROMERO,** who died on February 9, 2012 at Brgy. Javalera, General Trias, Cavite and April 12, 2022 at Brgy. Javalera, City of General Trias, CAvite, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. Transfer Certificate of Title No. T-892649 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. octava, under Doc. No. 31, Page No. 7, Book No. VI, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 3, 10 & 17, 2023**

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **JULIO CENIZAL AND ROSARIO YUSON,** who both died intestate in Tanza, Cavite on April 13, 1988 and June 19,1962, left a parcel of land located in Brgy. Biga Munti Tanza, Cavite with an area of 48,388 covered by Transfer Certificate of Title No. ("TCT") No. 19832 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Earl Alfrted B. Reyes, under Doc. No. 470, Page No. 95, Book No. XVI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 20, 27 & APRIL 3, 2023**

**DEED OF EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF ANTONIO PULIDO**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ANTONIO PULIDO,** who died on instetate on March 27 2016 at Las pinas City, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title no. (T-3630) RT-9559 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Augustine Caesar Bañares, under Doc. No. 229, Page No. 47, Book No. 17, Series of 2018.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 20, 27 & APRIL 3, 2023**

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **RODALINO GALVEZ BANTUGAN,** who died on 03 December 2017, in Dasmarinas City,, Cavite, left a parcel of land with improvements thereon herein covered by Transfer Certificate of Title No. 057-2017029273 & Transfer Certificate of Title No. 057-2012004537 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Epifanio M. Almeda CPA, under Doc. No. 167, Page No. 35, Book No. LXXXIV, Series of 2021.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 27, APRIL 3 & 10, 2023**

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE DECEASED PERSON MARIA BOCOD/MARIA BUKOD/MARIA BUCOD**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **MARIA BOCOD/MARIA BUKOD/MARIA BUCOD,** who died on April 22 1998 at Barangay Kaysuoy, Alfonso, Cavite , left a parcel of land embraced by Katibayanng Orihinal na Titulo Blg. Op-3966 with an area of 6278 square meters Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava, under Doc. No. 271, Page No. 55, Book No. V Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 20, 27 & APRIL 3, 2023**

# May paparating na giyerang US vs China


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 27 | 10.00 | APRIL 3 - APRIL 9, 2023


## Palace names four additional EDCA sites

IN a statement released Monday, Apr1 3, the Presidential Communications Office (PCO) said thatMalacañang has identified the four additional Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) sites.

The four locations inspected and assessed by the Armed Forces of the Philippines (AFP) are the Naval Base Camilo Osias in Sta Ana, Cagayan; Lal-lo Airport in Lal-lo, Cagayan; Camp Melchor Dela Cruz in Gamu, Isabela and Balabac Island in Palawan, the PCO said.

Other EDCA sites are: Cesar Basa Air Base in Pampanga, Fort Magsaysay in Nueva Ecija, Lumbia Air Base in Cagayan de Oro, Benito Ebuen Air Base in Cebu, and the Antonio Bautista Air Base in Palawan.

The PCO said the new EDCA sites are seen to boost the disaster response of the country as they will be used for humanitarian and relief operations during emergencies and natural disasters.

President Ferdinand Marcos Jr. said that the four extra sites will be scattered around the Philippines, with the main goal, is to defend the country's eastern coast.






President MARCOS Jr. Former Pres. DUTERTE



Here n There

ni ELI TAPARAN ii

SABI ni Professor Roland Simbulan, matutulad ang Pilipinas sa isang "sitting duck" dahil sa maraming US bases, at hinikayat niya ang gobyerno, ang Kongreso at ang Senado na agad na ipawalang bisa ang Mutual Defense Treaty at ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (MDT, EDCA).

Ayon sa diksiyonaryo: Sitting Duck -- a person or thing with no protection against an attack or other source of danger.

Ibig sabihin, sabi ni Prof. Simbulan, madaling masasakop ang Pilipinas pagkat wala tayong kakayahang ipagtanggol ang sarili sa pag-atake ng ibang bansa.

Aniya, magiging bukas na bukas sa pag-atake ang bansa sa maraming kaaway ng US dahil sa base militar nito na naitayo bunga ng EDCA -- na pinayagang madagdagan pa ni Presidente Bongbong Marcos.

"At present, the Philippines is like a sitting duck because with the presence of many US bases, and yes, we have the most number of US bases as compared with other countries we are vulnerable to any attack by the American enemies who are necessarily not our enemies," sabi ni Simbulan.

Sa "Pandesal Forum" sa Quezon City nitong Biyernes, Marso 31, sinabi ni Simbulan, , vice chairman of the Center for People Empowerment in Governance, na hindi makikipaggiyera ang China sa US -- na kinikilalang "world's super military power."

Paliwanag ng dating popesor ng University of the Philippines, kailangang itigil ng US ang pagtatayo ng mga base militar sa ibang bansa, pati sa Pilipinas, at ang dahilan?

Walang intensiyon ang China na lumahok sa isang malupit at marahas na digmaan.

Matinding pinsala ang naidulot na pagsakop ng US sa Iraq, sabi naman ni Bobby Tuazon, isa ring propesor ng UP at experto sa politika.

Mapait na resulta ng giyera ay ang pagpatay kay Presidente Saddam Hussein ng Iraq, na sabi ni Tuazon, ito ay isang "real disaster."

Kasalukuyan, namamayani ang gulo, matinding bakbakan ng magkakalabang paksyong militar sa Iraq matapos na umalis doon ang US.

Tungkol sa EDCA, naniniwala si dating

*Sundan sa pahina 7*


# Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort

Tanza Oasis Hotel and Resort is Cavite's only true resort destination, offering the perfect mix of exceptional resort accommodations, service, comfort and a classic Filipino hospitality.

Just one hour away from busy life of Metro Manila: Discover a hotel that is modern as well as classically elegant.

Tanza Oasis Hotel offers the largest themed Swimming Pool in the area, that will cater adults and loved by the kids.

Also, the resort stands as the premier meeting center for international clientele and businessman alike with meeting, convention and outdoor function space.

The Hotel offers 5 different room types to suit the visitors and it has Safari Themed Swimming pool which is equipped with 3 exciting giant pool slides for those who want some action and play.

For superb dining experience, the hotel has two restaurants -- Shang Garden Restaurant and Sagobe Bar themed and elegantly designed for everyone's ambiance, with proper lighting to give a feeling of warmth.

Visitors will surely experience superior luxury, subtle elegance and personalized services and much more.

The Oaisis is located at Kilometer 41 A. Soriano Highway, Barangay Capipisa, Tanza, Cavite.

Phone: +63 46 4388 488 to 89; Manila Line: +63-02-85844628.

Email: reservations@ tanzaoaisis.com

